

3 Kapag may Sumabog

爆発が起こったら



Kapag may naganap na terorismo at may pagsabog na nangyari sa inyong paligid, kahit walang babala, gawin ang mga sumusunod.
テロなどにより、皆さんの身の回りで爆発などが起こった場合は、警報の有無に関わらず、次のことに留意しましょう。

Kapag may Sumabog

爆発が起こった場合

- Yumuko ng mababang mababa at protektahan ang katawan.
- Kapag nahuhulog ang mga gamit sa paligid, magtago muna sa ilalim ng matibay na mesa hanggang tumigil sa pagbagsak ng mga gamit.
- Pagkatapos nito, magmadaling tumakbo papalayo sa gusaling sumabog.
- Sumunod sa pulis at bumbero, at mahinahong kumilos.
- Manood ng TV at makinig ng radyo, at mag-ipon ng impormasyon.

- 姿勢を低くし、身の安全を守る。
- 周囲で物が落下していれば、落下が止まるまで、頑丈なテーブルなどの下に身を隠す。
- その後、爆発が起こった建物などから速やかに離れる。
- 警察や消防の指示にしたがい、落ち着いて行動する。
- テレビやラジオなどを通して、情報を収集する。



Kapag may Sunog

火災が発生した場合

- Iwasan lumanghap ng usok, at kung maaring gumapang gawin ito, at magmadaling lumabas ng gusali.
- Takpan ang bibig at ilong ng panyo.

- 煙などを吸い込まないよう、できる限り低い姿勢をとり、急いで建物から出る。
- 口と鼻をハンカチなどで覆う。

Kapag ikaw ay Na-trap sa Gumibang Parte ng Gusali

がれきに閉じこめられた場合

- Huwag magsindi ng apoy o lighter para lumiwanag.
- Takpan ang bibig at ilong ng panyo.
- Ipaalam sa kapaligiran ang kinalalagan sa pamamagitan ng pagpalo ng pipa ng tubig.
- Posibleng makalanghap ng alikabok at iba pa, kaya sumigaw lamang kung wala ka ng ibang paraan.

- 明るくするためにライターなどで火をつけない。
- 口と鼻をハンカチなどで覆う。
- 配管などを叩き、自分の居場所をまわりに知らせる。
- 粉じんなどを吸い込む可能性があるため、大声を上げるのは最後の手段とする。

4 Kapag Mangyari ang NBC Terorismo

NBCテロが起こったら

Ang armed attack o terorismo ay may iba't ibang paraan ng pagsalakay gaya ng nuklear (N), biyolohiya (B), at kemikal (C), depende sa paraan ng pagsalakay ay iba din ang dapat gawin panlaban dito.
Manood ng TV at makinig ng radio at mag-ipon ng mga impormasyon, at sumunod sa utos nito.
武力攻撃やテロなどの手段として核物質(N)、生物剤(B)、化学剤(C)が用いられた場合、特別な対応が必要となります。
テレビやラジオなどを通して情報収集に努め、行政機関からの指示にしたがって行動してください。

Kapag may Ginamit na Kemikal Agent

化学剤が用いられた場合

[1] Katangian

- Ang iba't ibang uri ng kemikal na sangkap ay binubuto ng nerve agent, sore agent, blood agent, nitro agent at iba pa.
- Ang nerve agent ay kadalasang kinakalat sa pamamagitan ng hangin humihip, halimbawa nito ay mga elementong mas mabigat sa hangin gaya ng sarin kung saan kumakalat ito paibababa.
- Depende sa klase ng kemikal, isa sa mga espesyal na katangian nito ay maaring may kakaibang amoy ito o walang amoy.
- Isa sa mga maagang sintomas or palatandaan nito ay pamumula ng mga mata, ubo, at pangangati.
- Magkakaroon ng masamang epekto sa katawan kung ito ay hahawakan, kakainin, o kaya lalanghapin.
- Ito ay maaring ikalat sa pamamagitan ng paghalo sa pang-araw-araw na pangangailangan gaya ng pagkain at tubig, derechong injection sa katawan, o sa pagsabog ng bomba o mga vaporizer.

[1] 特徴


- 化学剤は、その特性により、神経剤、びらん剤、血液剤、窒息剤などに分類されます。
- 一般的に風下方向に拡散し、空気より重いサリンなどの神経剤は下をほうよに広がります。
- 特有においがあるもの、無臭のものなど、その性質は種類によって異なります。
- 比較的早く、目の充血、咳込み、かゆみなどの症状が現れます。
- 触れたり、口に入れたり、吸引することで人体に悪影響を及ぼします。
- 使われ方としては、飲食物などへの混入、人体への直接注入、爆発物や噴霧器などを使用した散布などが考えられます。

[2] Mga kailangan tandaan

- Takpan ang bibig at ilong ng panyo, at magmadaling tumakas mula sa nasabing lugar.
- Mag-ivacuate sa silyado o air-tight na kwarto na nasa mataas na lugar, o kaya mag-ivacuate sa mataas na burol na walang polusyon at hindi ito aabutan ng ihip ng hangin apektado ng kemikal.
- Kapag nasa loob ng kwarto, isara ang mga bintana at isilyado ang kwarto para walang makapasok na hangin mula sa labas, kung maari ay lumipat sa kwarto na walang bintana at nasa pinakalooban bahagi.
- Mag-ivacuate sa pinakamataas na lapag ng gusali.
- Sundin ang utos ng mga pulis at bumbero, at mahinahong kumilos.
- Manood ng TV at makinig ng radio, at mangolekta ng mahalagang impormasyon.
- Hubarin ang kontaminadong damit, relo, contact lens at iba pa at ingatan wag itong tumama sa iyong balat habang hinuhubad, pagkatapos itong gawin ay lumabas ng kwarto at ilagay ang kontaminadong bagay sa plastik bag at isara itong mabuti. Para sa mga damit na isinusuot mula sa ulo, gupitin ito ng gunting para hubarin.
- Hugasan ang kamay, mukha at katawan gamit ang tubig at panghihod o bato.
- Iwasan ang tubig at pagkain na sa tingin mo ay kontaminado.
- Sundan ang utos ng mga nasa itaas at mga medikal na payo ng mga doktor.

[2] 留意点

- 口と鼻をハンカチで覆い、その場から直ちに離れる。
- 密閉性の高い屋内または風上の高台など、汚染のおそれのない安全な地域に避難する。
- 屋内では、窓閉め、目張りにより室内を密閉し、できるだけ窓のない中央の部屋に移動する。
- なるべく上の階へ避難する。
- 警察や消防の指示にしたがい、落ち着いて行動する。
- テレビやラジオなどを通して、情報を収集する。
- 汚染された服、時計、コンタクトレンズなどは、できるかぎり皮膚に触れないように脱ぎ(はずし)、屋外で速やかにビニール袋に密閉し、処分する。頭からかぶる服は、はさみで切り裂く。
- 水と石けんで手、顔、体をよく洗う。
- 汚染された疑いのある水や食物の摂取は避ける。
- 行政機関の指示などにしたがい、医師の診断を受ける。



Kapag may Ginamit na Biyolohiyang Agent 生物剤が用いられた場合

[1] Katangian

- Ang biyolohiyang agent ay may layuning sumugat at pumatay ng tao sa pamamagitan ng paggawa ng mga microbes gaya ng bakteryang, virus, at iba pa at mga toxin na produkto ng bakteryang, halaman at hayop.
- Ito ay pwedeng kumalat na hindi napapansin ng tao.
- Gaya ng kemikal agent, ito ay maaring ikalat sa pamamagitan ng paghalo sa pang-araw-araw na pangangailangan gaya ng pagkain at tubig, derechong injection sa katawan, o sa pagsabog ng bomba o mga vaporizer.
- Sa oras na nakontamina ang isang tao at hindi pa lumalabas ang sintomas nito at ito ay malayang kumikilos, malaki ang tsansa na sa oras ng matuklasan ang atake ng terorismo ay kumalat na ang inpeksiyon sa ibang tao.

[1] 特徴

- 生物剤は、人を殺傷したりすることなどを目的とした細菌やウイルスなどの微生物及び細菌や動物植物などが作り出す毒素のことをいいます。
- 人に知られることなく散布することが可能です。
- 使われ方としては、化学剤と同様に、飲食物などへの混入、人体への直接注入、爆発物や噴霧器などを使用した散布などが考えられます。
- 発症までの潜伏期間に感染者が移動し、後にテロ行為が判明したときには、二次感染などにより既に被害が広がっている可能性があります。

[2] Mga kailangan tandaan

- Takpan ang bibig at ilong ng panyo, at magmadaling tumakas mula sa nasabing lugar.
- Mag-ivacuate sa silgado o air-tight na kwarto na nasa mataas na lugar, o kaya mag-ivacuate sa ligtas na lugar na walang kontaminasyon.
- Kapag nasa loob ng kwarto, isara ang mga bintana at isilyado ang kwarto para walang makapasok na hangin mula sa labas, kung maari ay lumipat sa kwarto na walang bintana at nasa pinakalooban bahagi.
- Kapag nasa loob ng kwarto, lumabas at hubarin ang suot na damit at ilagay ito sa loob ng plastik bag o lalagyan at isara ito ng air-tight.
- Hugasan ang kamay, mukha at katawan gamit ang tubig at panghilod o bato.
- Iwasan ang tubig at pagkain na sa tingin mo ay kontaminado.
- Kung pakiramdam mo na kontaminado ka, humingi ng medikal na payo mula sa administrasyon at sundan ang mga pinagbilin nito.
- Kung may taong kontaminado na malapit sa iyong paligid, iwasang hawakan ang mga kagamitan na ginamit nito at madalas na maghugas ng kamay gamit ang hilod.
- Para sa mga taong kontaminado, magsuot ng mask.

[2] 留意点

- 口と鼻をハンカチで覆い、その場から直ちに離れる。
- 密閉性の高い屋内または感染のおそれのない安全な地域に避難する。
- 屋内では、窓閉め・目張りにより室内を密閉し、できるだけ窓のない中央の部屋に移動する。
- 屋内に入る場合は、屋外で衣類を脱いでビニール袋や容器に密閉する。
- 水と石けんで手・顔、体をよく洗う。
- 汚染された疑いのある水や食物の摂取は避ける。
- 感染の疑いがある場合は、行政機関の指示などにしたがって医師の診断を受け、行政機関の行うまん延防止措置に従う。
- 身近に感染の疑いのある人がいる場合は、その人が使用したものに触れず、頻りに石けんで手を洗う。
- 感染した可能性のある人も自らマスクをする。



Kapag may Ginamit na Nuklear Agent 核物質が用いられた場合

[1] Katangian

<Pinsala mula sa Armas na Pangnuklear>

- Sa umpisa ay heat ray mula sa pagsabog ng nuklear, kumbustiyon ng materyal mula sa pagsabog ng bomba, pagguho ng gusali, at radioactive na kontaminasyon at iba pa
- Pagkatapos ay ang pagkalay ng mga abo na kontaminado ng radioactive, at radioactive na pinsala na madudulot ng paghulog nito

<Pinsala mula sa Dirty na Bomba*>

- Mga pinsala dulot ng pagsabog ng bomba at pinsala na radioactive * Dirty na bomba: bomba na nagsasanhi ng radioactive polusyon sa pamamagitan ng mga materyales gawa sa radioactive

[1] 特徴

<核兵器による被害>

- 当初は主に核爆発に伴う熱線・爆風などによる物質の燃焼、建物の破壊、放射能汚染など
- その後は放射能をもった灰が拡散・降下することによる放射線障害など

<ダーティボムによる被害>

- 爆薬による被害と放射能による被害

※ダーティボム:放射能物質を散布することにより放射能汚染を引き起こすことを意図した爆弾

[2] Mga kailangan tandaan

<Sa kaso ng nuklear na pagsabog>

- Huwag tumingin sa kislap o liwanag ng pagsabog at sa fireball na nangyari dahil maaring mabulag.
- Magtago sa ilalim ng lilim na protekta sa iyong. Kung may gusali sa kapaligiran, mag-ivacuate dito. Mas ligtas kung ikaw ay nasa shopping senter na nasa underground o kaya sa konkretong gusali.
- Umiwas sa direksiyon ng hangin at lumayo sa lugar ng pagsabog, takpan ang ulo ng diyaket, takpan ang bibig at ilong ng panyo, at bawasan ang eksposur ng balat sa pamamagitan ng pagtakip nito.
- Kapag nasa loob ng kwarto, isara ang mga bintana at isilyado ang kwarto para walang makapasok na hangin mula sa labas, kung maari ay lumipat sa kwarto na walang bintana at nasa pinakalooban bahagi.
- Kung mayroon underground ang gusaling kinaroroonan, lumipat doon.
- Kapag nasa loob ng kwarto, lumabas at hubarin ang suot na damit at ilagay ito sa loob ng plastik bag o lalagyan at isara ito ng air-tight.
- Pagkatapos ay hugasan ang kamay, mukha at katawan gamit ang tubig at panghilod o bato.
- Iwasan ang tubig at pagkain na sa tingin mo ay kontaminado.
- Kung may nuklear na pagsabog at kontaminasyon, sundan ang utos ng administrasyon at humingi ng medikal na payo.

<Sa kaso ng pagsabog ng dirty na bomba>

- Katulad ng nakasaad sa Kapag may Sumabog (pahina 6), magmadaling lumayo sa gusali na nasabugan.
- Dahil medyo matagal bago matuklasan na may radioactive na kontaminasyon, kahit na wala kayong sugat, sundan ang utos ng administrasyon at magpakonsulta sa doktor.




[2] 留意点

<核爆発の場合>

- 閃光や火球が発生した場合は、失明のおそれがあるので見ない。
- 遮蔽物の陰に身を隠す。近隣に建物があればその中へ避難する。地下施設やコンクリート建物であればより安全。
- 上着を頭から被り、口と鼻をハンカチで覆うなどして、皮膚の露出をなるべく少なくしながら、風下を避けて爆発地点からなるべく遠くに避難する。
- 屋内では、窓閉め・目張りにより室内を密閉し、できるだけ窓のない中央の部屋に移動する。
- 屋内に地下施設があれば地下へ移動する。
- 屋外から屋内に戻る場合は、屋外で衣類を脱いでビニール袋や容器に密閉する。その後、水と石けんで手・顔、体をよく洗う。
- 汚染された疑いのある水や食物の摂取は避ける。
- 被爆や汚染のおそれがある場合は、行政機関の指示などにしたがって、医師の診断を受ける。

<ダーティボムの爆発の場合>

- 爆発が起こった場合(6頁)と同様、爆発が起こった建物などからできる限り速やかに離れる。
- 放射能汚染が判明するまで時間を要するので、外傷がなくても、行政機関の指示などにしたがって医師の診断を受ける。



3

Araw – araw na Paghahanda

日頃からの備え

Kailangan natin maging handa sa pagtugon sa lindol at mga natural na sakuna, kailangan maghanda ng mga gamit para sa umherensiya, at mga ilang araw na panustos na reserba. Ang paghahandang ito ay magagamit sa panahon na kailangan mag-ivacuate dahil may armed attack o terorismo. Kaya tayong maghanda para sa buong pamilya.

地震などの自然災害に対する日頃からの備えとして、非常持ち出し品や、数日間を自足するための備蓄が必要です。これらの備えは、武力攻撃やテロなどが発生し避難する際などの場合においてもたいへん役立ちます。家族全員分の日頃から備えておきましょう。

Gamit Para sa Emerhensiya

標準的な非常持ち出し品

- Bitbitin tubig
 - 携帯用飲料水
- Pagkain (Cup ramen, delata, biskwit, tsokolate at iba pa)
 - 食品 (カップめん、缶詰、ビスケット、チョコレートなど)
- Mahalagang bagay (Passbook ng Banko, Inkan, Kwarta at iba pa)
 - 貴重品 (現金簿、印鑑、現金など)
- Pasaporte at lisensya pangmaneho
 - パスポートや運転免許証など
- Mga kailangan pang-emerhensiya (Mga gamit para gumamot ng sugat)
 - 緊急用品 (外傷に利用できる用品)
- Triyanggulong bandage, bandage (madaling gamitin ang no.4 at no.6), disinfection gauze, malinis na tuwalya, band-aid (malaki, maliit), termometer, gunting, tweezers, antiseptic solution para sa sugat, gamot (sipon, sakit ng tian, sakit ng ulo at iba pa), safety pin.
 - 三角巾、包帯 (4号・6号が便利)、消毒ガーゼ、きれいなタオル、ばんそうこう (大・小)、体温計、はさみ・ピンセット、傷口用の消毒液、常備薬 (かぜ薬、胃腸薬、痛みどめなど)、安全ピン
- Helmet, talukbong para sa pag-iwas ng sakuna
 - ヘルメット、防災ずきん
- Guwantes pang-trabaho (Makapal na guwantes)
 - 軍手 (厚手の手袋)
- Flashlight
 - 懐中電灯
- Damit (Sweater, jacket)
 - 衣類 (セーター、ジャンパー類)
- Underwear
 - 下着
- Kumot
 - 毛巾
- Radyo na di-baterya at dagdag na baterya
 - 携帯ラジオ・予備電池
- Posporo, kandila (Para hindi mabasa ibalot ito sa plastik)
 - マッチ、ろうそく (水でぬれぬいようにビニールでくるむ)
- Disposable kairo
 - 使い捨てカイロ
- Wet tisyu
 - ウエットティッシュ
- Panulat (notebook at lapis)
 - 筆記用具 (ノート、えんぴつ)
- Dyaryo, Malaking basurahan (makakatulong ito sa mula sa lamig, at maging water proof)
 - 新聞紙、大きなゴミ袋 (防寒や防水に役立つ)

Kung may maliit na bata sa inyong pamilya 小さな子供がいる家庭は

- Gatas
 - ミルク
- Disposable diaper
 - 紙おむつ
- Bote pang-suso
 - 母乳びん

Mga gamit na kailangan para mabuhay sa loob ng 3 araw (Para sa isang tao)

3日間自足するための備蓄品 (一人分)

- Tubig pang-inom 9 litro (3 litro x 3 araw)
 - 飲料水 9リットル (3リットル×3日分)
- Kanin (Alpha na bigas*) 4-5 kainan
 - ご飯 (アルファ化米※) 4~5食分
- Biskwit 1-2 kahon
 - ビスケット 1~2箱
- Bar ng tsokolate 2-3 piraso
 - 板チョコ 2~3枚
- Delata 2-3 lata
 - 缶詰 2~3缶
- Panloob o underwear 2-3 Piraso
 - 下着 2~3箱
- Damit *Sweatshirt, sweater, fleece at iba pa
 - 衣類 スウェット上下、セーター、フリースなど

* Alpha na bigas: Ito ay kanin na niluto na ng isang beses at pinatuyo, ito ay pwedeng gawin rasyon pang-emerhensiya sa pamamagitan ng paghalo ng mainit na tubig at tubig para makain ito.
※アルファ化米:一度炊いた米を乾燥させたもので、お湯や水を注いで食べられ、非常食としても活用できる。

Mga kailangan ihanda kapag may NBC Terorismo at iba pa.

NBCテロなどへの備え

Mask, guwantes, goggle sa mata, kapote at iba pa
マスク、手袋、ゴーグル、雨ガッパなど

4

Tayong Makipagtulungan

ご協力をお願い

1 Para sa mga Naninirahan

住民の皆さんへ

Pinapatupad ang mga hakbang (pahina 3) para protektahan ang buhay at ari-arian ng mga mamamayan, kaya hinihingi ang kooperasyon ng mga mamamayan para sa mga sumusunod na gawain.


Ang batas na pumoprotekta ng mamamayan ay nagsasaad na "ang kooperasyon ng mamamayan ay dapat boluntaryo at hindi pwedeng pilitin ito kung ayaw." Base sa batas, kapag ang lungsod o bayan ay nakiki-usap ng inyong kooperasyon, sisiguraduhin nito ang kaligtasan ng mamamayan. Kaya tayong makipagtulungan.

国民の生命や財産を保護するための措置 (3頁) の実施にあたっては、住民の皆さんに次のような協力を要請する場合があります。

国民保護法では、「国民の協力は国民の自発的な意思にゆだねられるものであって、その要請に当たって強制にわたることがあってはならない」とされています。府や市町村などは、要請を行う場合、法律の趣旨を踏まえるとともに、住民の皆さんの安全の確保に十分配慮しますので、ご協力をよろしくお願いします。

Pagsuporta sa Pamamagitan ng Pag-gabay ng mga Nag-ivacuate na Mamamayan

避難住民の誘導に必要な援助




Pagsuporta sa Pamamagitan ng Pagbibigay ng Relief para sa mga Nag-ivacuate na Mamamayan

避難住民等の救援に必要な援助




Pagsuporta sa Pamamagitan ng Pagpatay ng Apoy, Paglipat ng mga Nasugatan, Pagligtas ng mga Biktima

消火、負傷者の搬送、被災者の救助などに必要な援助



Pagsuporta sa Pamamagitan ng Paghandog ng Kalusugan at Kalinisan.

保健衛生の確保に必要な援助



2 Para sa mga Namamasukan

参観者の皆さんへ

Para sa mga Tagapangasiwa ng mga Establisamento na may Kinalaman sa Kabuhayan

生活関連等施設の管理者の皆さんへ

Para maiwasan ang pagganap at paglawak ng armed attack, upang mapanatili ang kaligtasan ng establisamento na may kinalaman sa kabuhayan (*1), hinihingi ang kooperasyon ng tagapangasiwa para masigurado ang kaligtasan ng establisamento.

武力攻撃災害の発生や拡大を防止するため、生活関連等施設（※1）の安全の確保が特に必要となります。特に施設管理者に対し、警備の強化などの措置を実施するようお願いいたします。

*1. Tungkol sa mga Establisamento na may Kinalaman sa Kabuhayan

生活関連等施設とは

Kailangan protektahan ang kaligtasan ng mga establisamentong may kinalaman sa kabuhayan.

国民生活に関連を有する施設で、その安全を確保しなければならない。

- Mga institusyon na kumikilala na magkakaroon ng malaking hadlang sa buhay ng tao kung may mangyari dito.
国民生活に著しい支障を及ぼすおそれがあると認められる施設
- Mga institusyon na kumikilala na magkakaroon ng malaking danyos sa paligid na lugar kapag may masamang nangyari dito.
周辺地域に著しい被害を生じさせるおそれがあると認められる施設

- ① Planta ng kuryente o substasyon ng transformer (Batas ng kalakal ng kuryente)
発電所又は変電所（電気事業法）
- ② Establisamento ng gaas (Batas ng kalakal ng gaas)
ガス工作物（ガス事業法）
- ③ Establisamento na kumukuha at nagtatago ng tubig, naglilinis ng tubig o kaya imbakan ng tubig (Batas para sa serbisyo ng tubig)
取水・貯水・浄水施設又は排水池（水道法）
- ④ Establisamento ng riles ng train, establisamento ng daanan ng tren (Batas para sa kalakalan ng riles, batas para sa daanan ng train)
鉄道施設、軌道施設（鉄道事業法、軌道法）
- ⑤ Fasilidad para sa mga telekomunikasyon (Batas para sa kalakal ng telekomunikasyon)
電気通信事業用無線設備（電気通信事業法）
- ⑥ Fasilidad para sa paghatid balita ng mga radyo (Batas ng paghatid balita)
放送用無線設備（放送法）
- ⑦ Establisamento para sa dagat, o establisamento para sa daungan (Batas para sa harbor)
水産施設又は所管施設（漁業法）
- ⑧ Runway, Establisamento para sa terminal ng mga magbybyahe, establisamento ng security ng paliparan (Batas para sa pananatili ng paliparan o airport)
滑走路等、旅客ターミナル施設、航空保安施設（空港整備法及び航空法）
- ⑨ Dam (Batas para sa establisamento na nangangasiwa ng ilog)
ダム（河川管理施設等構造法）
- ⑩ Lugar na nagproseso ng mga delikadong materyales (Batas ng proteksiyon ng mamamayan)
危険物質等の取扱所（国民保護法）

Para sa mga Tagapamahala ng mga Lugar na may Delikadong Materyales

危険物質等取扱所の取扱者の皆さんへ

Para maiwasan ang pagganap at paglawak ng armadong pagsalakay kaugnay sa delikadong materyales, at upang mapanatili ang kaligtasan ng establisamento na may kinalaman sa kabuhayan na nakalista sa itaas, hinihingi ang kooperasyon ng tagapamahala (may-ari, tagapangasiwa at iba pa) para masigurado ang kaligtasan ng lugar na may delikadong materyales.

上記生活関連等施設のうち、危険物質等（※2）に係る武力攻撃災害の発生を防止するため警備の必要があるとき、市や町村等には、危険物質等の取扱所（所有者、所有者、管理者その他の取扱者）に対し、法令で定められた措置を実施するよう求みますので、ご協力をお願いいたします。

- (Step 1) I-constrain o panandaliang tigilin ang paggamit ng buo o parte ng establisamento na may delikadong materyales
危険物質等の取扱所の全部又は一部の使用の一時的停止又は制限
- (Step 2) I-constrain at panandaliang tigilin ang paggamit, paggawa, pagpasa, pagtago, at paglipat ng mga delikadong materyales.
危険物質等の製造、引渡し、貯蔵、移動、運搬又は消費の一時的停止又は制限
- (Step 3) Isara at iwanan ang establisamento na may delikadong materyales o kaya magpalit ng lugar.
危険物質等の所在場所の変更又はその廃棄

*2. Tungkol sa mga Delikadong Materyales at iba pa

危険物質等とは

Mga materyal na maaring maging banta sa buhay ng tao, sa katawan nito, at sa kaniyang mga ari-arian; ito ay magiging banta sa pamamagitan ng pagsiklab, pagsabog o pagkalat sa hangin papunta sa mga paligid na lugar.

引火あるいは爆発又は空射中への発射若しくは周辺地域への放射により人の生命、身体又は財産に対する危険が生ずるおそれがある物質

- ① Delikadong materyales (Batas para sa pagpatay ng apoy)
危険物（消防法）
- ② Lason at dinamita (Batas ng pamamahala ng lason at dinamita)
毒物及び劇物（毒物劇物取扱法）
- ③ Mga uri ng gunpowder (Batas ng pamamahala ng gunpowder)
火薬類（火薬類取締法）
- ④ High presyur na gaas (Batas para magpreserba ng high-presyur na gaas)
高圧ガス（高圧ガス保安法）
- ⑤ Nuklear fuel <kasama ang mga polyutant> (Batas para sa atomic na enerhiya)
核燃料物質<汚染核燃料等>（原子力基本法）
- ⑥ Nuklear na Materyales (Batas para sa atomic na enerhiya)
核燃料物質（原子力基本法）
- ⑦ Radioactive na isotopo <kasama ang mga polyutant> (Batas para sa iwasan ang pinsala ng radioactive ray)
放射性同位元素<汚染核燃料等>（放射線障害防止法）
- ⑧ Lason at matapang na gamot (Batas para sa droga, kosmetik, at medikal na instrumento)
毒薬及び劇薬（薬事法）
- ⑨ High-presyur na gaas na gamit sa loob ng establisamento na gumagawa ng kuryente para sa kalakal (Batas para pangangalakal ng kuryente)
事業用電気工作物内の高圧ガス（電気事業法）
- ⑩ Biyolohiyang Agent at toxin (Batas para sa pagbabawal ng biyolohiyang armas)
生物剤及び毒薬（生物兵器禁止法）
- ⑪ Materyales na toxic (Batas para sa pagbabawal ng kemikal na armas)
危険物質（化学兵器禁止法）



Homepage ng mga Kaugnay na Organisasyon

関係機関のホームページアドレス

Para sa mga impormasyon tungkol sa proteksiyon ng mamamayan, bisitahin ang mga sumusunod na homepage. 国民保護などについての情報は、次のホームページをご覧ください。

▶ Osaka Disaster Prevention Net

おおさか防災ネット

<http://www.osaka-bousai.net/>

Ito ang portal site para sa mga impormasyon tungkol sa mga babala sa loob ng lungsod na may kinalaman sa klima o panahon, lindol, at tsunami; kapag may kalamidad na nangyari, mababasa dito ang mga payo at utos para mag-ivacuate sa mga bayan na tinamaan ng kalamidad; mababasa din dito ang mga kalagayan ng mga biktima at mga pwedeng gawin sa oras ng emerhensya; aktibidad ng trapiko, kalsada, at lifeline at kung ano pang mga impormasyon hinggil sa disaster prevention.

国民保護に関する情報を含め、府内に発表された気象に関する注意報や警報、地震や津波情報、災害発生時に各市町村から出される避難勧告や避難指示、世帯・向き対策の状況、交通・道路・ライフラインの運行・稼働状況等の防災情報を提供するポータルサイトです。

▶ Portal Site ng Proteksiyon ng Mamamayan

国民保護ポータルサイト

<http://www.kokuminhogo.go.jp/>

Ilong homepage ay nagsasalaysay ng mga posisyon tungkol sa batas at legislasyon para sa proteksiyon ng mga mamamayan, at gabay ng sistema nito at iba pa. Maari mo din pakinggan mula sa homepage naito ang espesyal na tunog ng siren para sa babala.

国民保護法に関する総論や制度概要などの解説などが掲載されている国民保護に関する総合的なホームページです。国民保護に係る警報のサイレン音を聴くことができます。

▶ Osaka Prefecture

大阪府

<http://www.pref.osaka.lg.jp/kikikanri/kokuminhogo/index.html>

Makikita dito ang mga dokumento para sa batas ng pagprotektang ng mamamayan ng Osaka Prefecture

国民保護法施行に基づく大阪府の取り組みに関する資料を掲載しています。

▶ Prime Minister ng Japan at ang Kanyang Cabinet

首相官邸

<http://www.kantei.go.jp/jp/singi/hogohousei/index.html>

Naglalalaman ito ng impormasyon tungkol sa legal na framework para sa mga war contingency gaya ng headquarter ng tagapangasiwa ng legislasyon ng proteksiyon ng mamamayan at mga aksiyon, kailangan gawin sa oras na may sitwasyon mangyari, at mga batas kaugnay ng proteksiyon ng mamamayan.

国民保護法制定前や事案対応法、国民保護法などの有事法制制定法に関する情報が掲載されています。

▶ Ahensiya ng Tagapangasiwa ng Sunog at Sakuna

総務省消防庁

http://www.fdma.go.jp/neuter/topics/fieldList2_1.html

Ito ay nagsasaad ng mga paunawa tungkol sa pagpapatupad ng batas para sa proteksiyon ng mamamayan, at nakasaad din dito ang mga resulta at dokumento ng mga pagpupulong tungkol sa proteksiyon ng mamamayan.

国民保護法の運用に関する通知や国民保護に関する懇話会の開催結果のほか、各種資料が掲載されています。